Pagkatapos *Tanggalin* ang Peritoneal Dialysis Catheter Habang Nakahiga: Ano ang dapat kong malaman?

1. Pangangalaga sa Dressing o Gasa

- **HUWAG** sariling palitan ang inyong dressing o gasa. Ang inyong PD nurse ang magpapalit/magtatanggal sa inyong dressing sa inyong follow-up na appointment.
- Panatilihing laging malinis at tuyô ang inyong dressing o gasa.
- Kung natatanggal ang inyong dressing o gasa, dagdagan ang tape.
- Kung ang inyong dressing o gasa ay nabasâ o lumuwag, maglagay ng karagdagang dressing sa ibabaw. Kung ang karagdagang dressing ay nabasâ o napuno ng dugo, tawagan ang inyong kidney nurse o doktor.

2. Huwag mag-shower, maligo, o lumangoy. Mga sponge bath o magbanyós lamang hanggang sinabi sa inyo ng inyong kidney nurse o doktor na puede na

(karaniwan pagkatapos tanggalin ang inyong mga tahi).

3. Kung may nararamdamang pananakit

- YMaaari kayong uminom ng acetaminophen (Tylenol®).
- Normal ang kaunting pananakit pero dapat ito mabawasan bawat araw. Kung lumala ang pananakit, kausapin ang inyong kidney nurse o doktor.

Mga mahalagang telepono

Kidney Doctor _____

Peritoneal Dialysis Unit _____

Kidney Clinic _____



4. Magpunta sa inyong follow-up na appointment

- Karaniwan isa hanggang dalawang linggo pagkatapos tanggalin ang inyong catheter.
- Ang inyong mga tahi at dressing ay tatanggalin.

Petsa at oras ng follow-up na appointment

---

5. Kailan ko dapat tawagan ang aking kidney nurse o doktor?

- Ang inyong karagdagang dressing (ang inilagay sa ibabaw ng naunang dressing) ay nabasa o napuno ng dugo.
- Hindi nawawala ang inyong pananakit kahit pagkatapos uminom ng mga gamot para sa pananakit
- Ang inyong temperatura ay mahigit sa 38.0° C (100.4° F)

Ang impormasyon sa polyetong ito ay ibinibigay para magbigay kaalaman at magbigay ng impormasyon, at upang suportahan ang pakikipag-usap sa inyong health care team tungkol sa inyong medikal na kondisyon at pagpapagamot. Hindi ito medikal na payô at hindi ito dapat kapalit ng payô na ibinibigay ng inyong doktor o ng ibang kwalipikadong propesyonal sa health care.